

Paunawa hinggil sa Konstruksiyon Bilang 18: Pagsasara ng Mga Express Lane at Rampa sa Mira Mesa / Scripps Ranch

Mangyaring maabisuhan na sa tatlong sunud-sunod na gabi simula sa Martes, Okt. 28, ang Rampa ng Mira Mesa para sa Direktang Access (Direct Access Ramp, DAR) at ang pahilaga at patimog na mga Express Lane sa pagitan ng Mercy Road at Miramar Way ay isasara mula 8 p.m. hanggang 5:00 a.m.

Ang mga pangunahing linya sa pahilaga at patimog na Interstate 15 (I-15) ay bahagyang isasara at ang mga sumusunod na linya papasok sa I-15 sa bisinidad ng Mira Mesa / Scripps Ranch ay maaaring sarhan mula 9 p.m. hanggang 5:00 a.m.:

- Pahilagang linyang papasok sa rotonda ng I-15 mula pasilangang Mira Mesa Boulevard
- Parehong Patimog na mga linyang papasok sa I-15 mula Mira Mesa Boulevard
- Pahilagang linyang papasok sa I-15 mula Carroll Canyon Road

Ang mga pagsasara ng mga Express Lane at rampa na ito ay pahihintulutan ang mga manggagawa na matapos ang mga pagkokompigura ng linya sa tabi ng bagong tayong Mira Mesa DAR. Ito ang panlimang DAR na itinayo sa I-15 Corridor. Kasabay ng kakabukas lang na Miramar College Transit Station, ikinokonekta nito ang Hillery Drive sa mga I-15 Express Lane para magbigay ng mas maraming pagpipilian sa pagbibiyahе at mga serbisyo sa paghahatid para sa rehiyon.

Paano Mananatiling May Kaalaman


Huwag mag-aksaya ng oras at maging handa. Tawagan o bisitahin kami online para malaman ang tungkol sa iyong mga pagpipilian sa pagbibiyahе at planuhin ang iyong pagko-commute sa panahon ng konstruksiyon.

- ▶ **Opisina ng Impormasyon ng Publiko para sa I-15:**
(619) 688-6670
- ▶ **Website:**
KeepSanDiegoMoving.com

 SANDAGregion

 @SANDAG

@SDCaltrans

 SANDAGregion

Mapa ng Pagsasara ng mga Express Lane at Linyang Papasok sa I-15: Okt. 28 hanggang 30 (8 p.m. - 5 a.m.)



Mapa ng Bisinidad ng mga Express Lane

